

Protokol para sa Muling Pagbubukas ng mga Palangyuan na nasa mga Pinagsasaluhang Pasilidad na Pangtahanan

Mga Kamakailang Pagbabago:

5/21/2021: Binago para payagan ang mga panloob na palangyuan, mga maiinit na paliguan (hot tubs), mga sauna, mga silid pasingawan (steam rooms, mga banyo, mga shower at mga silid ng locker (locker rooms) na muling magbukas sa 50% kapasidad. Binago ang mga inaatas sa paglilinis para ihanay sa binagong gabay sa paglilinis ng CDC. Ang anumang impormal na mga panlipunang pagtitipon na ginaganap sa mga lugar ng pantahananang palangyuan ay dapat na sumunod sa Gabay para sa mga Impormal na Panlipunang Pagtitipon ng County.

Ang mga rate ng kaso ng COVID-19, mga pagpapaospital, at mga kamatayan ay nananatiling mababa at matatag, ngunit ang COVID-19 ay patuloy na nagbabadya ng mataas na panganib sa mga komunidad at inaatasan ang lahat ng mga tao at mga negosyo na gumawa ng mga pag-iingat at pagbabago sa mga operasyon at aktibidad para mabawasan ang pagkalat ng pangarib ng COVID-19.

Dahil sa ang Los Angeles County ay pumapasok sa “Dilaw na Tier” (Yellow Tier) ng Plano ng Estado para sa isang balangkas ng Mas Ligtas na Ekonomiya (State’s Blueprint for a Safer Economy framework), ang protokol na ito ay binago para pawiin ang ilang mga pag-iingat na partikular sa lokal na aktibidad. Ang mga operator ng mga pasilidad na pangtahanan ay dapat na magpatuloy ng may pag-iingat at sumunod sa mga inaatas sa protokol na ito para bawasan ang potensyal na pagkalat ng COVID-19 sa loob ng kanilang mga operasyon ng negosyo. Ang protokol na ito ay nalalapit sa paggamit ng mga palangyuan na matatagpuan sa mga apartment, condominium, at samahang mga may-ari ng bahay.

Ang mga panlabas na pantahananang palangyuan ay pinapayagang magbukas para sa nakagawiang paggamit na limitado para paganahin ang lahat ng mga gumagamit ng palangyuan na makapagpanatili ng anim (6) na talampakang distansya mula sa taong hindi miyembro ng kanilang sambahayan. Ang mga panloob na pantirahang palangyuan ay maaaring magbukas para sa nakagawiang paggamit sa 50% pag-okupa, batay sa naaangkop na mga code ng gusali o sa sunog.

Ang mga panloob at panlabas na maiinit na paliguan (hot tubs), mga panloob na sauna, at mga silid-pasingawan (steam rooms) ay maaaring magbukas. Ang mga panloob at panlabas na maiinit na paliguan ay maaari lamang magbukas para sa paggamit ng mga grupo ng sambahayan o sa mga kaso kung saan ang anim na talampakang pagdistansya ay maaaring mapanatili ng mga hindi miyembro ng sambahayan, maliban kung ang lahat ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19, o kung lahat ay ganap nang nabakunahan maliban sa mga miyembro ng isang sambahayan at wala sa mga indibidwal na naninirahan sa sambahayang iyon ang [nasa mataas na panganib na makakuha ng malubhang sakit mula sa COVID-19](#). Ang mga sauna at mga silid-pasingawan ay dapat na limitado sa 50% kapasidad. Ang mga banyo at mga silid ng locker ay maaaring magbukas para sa paggamit sa 50% kapasidad.

Ang anumang impormal na pagtitipon na ginaganap sa pantahananang palangyuan ay dapat na sumunod sa Gabay sa Impormal na Panlipunang Pagtitipon ng [County: http://publichealth.lacounty.gov/media/coronavirus/docs/people/InformalSocialGatherings.pdf](http://publichealth.lacounty.gov/media/coronavirus/docs/people/InformalSocialGatherings.pdf).

Sa Dilaw na Tier, ang mga impormal na panlipunang pagtitipon ay limitado sa panlabas na 100 tao o, para sa mga panloob na pagtitipon, sa 50% kapasidad ng isang panloob na espasyo o 50 tao, alinman ang mas mababa. Ang pagmamaskara at pagdistansya ay dapat na mapanatili maliban kung ang lahat ng nasa pagtitipon ay napag-alaman na ganap nang nabakunahan o lahat ay ganap nang nabakunahan maliban sa mga miyembro ng isang sambahayan at wala sa mga indibidwal na naninirahan sa sambahayang iyon ang nasa mataas na panganib sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman mula sa COVID-19.

Ang lahat ng mga operator ng palanguyan na sakop ng gabay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maghanda na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop.

Sa mga protokol na susunod, ang terminong “sambahayan” (household) ay tinukoy bilang “mga taong naninirahan nang sama-sama bilang isang solong yunit ng paninirahan” at hindi dapat kabilangan ng mga sitwasyon sa pang-grupong paninirahan na pang-institusyon tulad ng mga dormitoryo, kapatiran (fraternities), kapatirang pangkababaihan (sororities), monasteryo, kumbento, o mga pasilidad sa pangangalagang pantirahan, hindi rin kabilang rito ang mga pagsasaayos sa paninirahan na pangkomersyal tulad ng mga boarding house, hotel, o motel.¹ Ang mga terminong “kawani” (staff) at “empleyado” ay nilalayong kabilangan ng mga empleyado, boluntaryo, intern at mga nagsasanay (trainees), mga iskolar at lahat ng iba pang mga indibidwal na nagsasagawa ng trabaho sa lugar.

Ang mga salitang “mga manlalangoy”, “mga kalahok”, “mga bisita”, “mga manonood”, o “mga kostumer” ay dapat na unawain para ibilang ang mga miyembro ng publiko at iba pa na hindi mga kawani o mga empleyado na gumugugol ng oras sa negosyo o lugar.

Ang mga salitang “establisyemento”, “lugar”, at “pasilidad” ay parehong tinutukoy sa gusali, kalupaan, at anumang mga katabing gusali o kalupaan kung saan ang mga pinahihintulatang aktibidad ay isinasagawa.

Sa mga protokol na susunod, ang mga tao ay itinuturing na “ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19” sa:

- dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2- dosis na bakuna sa COVID-19 (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna) O
- dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna sa COVID-19 (hal., Johnson and Johnson (J&J/Janssen))

Mangyaring tandaan: Maaaring baguhin ang dokumentong ito habang mayroong magagamit na karagdagang impormasyon at mga mapagpukuman kung kaya siguraduhing bisitahin nang regular ang website ng La County <http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/> para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang listahang ito ay sumasaklaw sa:

- (1) Mga patakaran at kasangkapan sa lugar ng trabaho para protektahan ang kalusugan ng empleyado
- (2) Mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya
- (3) Mga hakbang para masiguro ang pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
- (5) Mga hakbang para masiguro ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Ang lahat ng mga opereytor ng pantahanang palanguyan na sakop ng patnubay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo.

¹ Los Angeles County Code, Titulo 22. §22.14.060 - F. Depinisyon ng Pamilya. (Ord. 2019-0004 § 1, 2019.)

https://library.municode.com/ca/los_angeles_county/codes/code_of_ordinances?nodet=2019-0004_DIV2DE_CH22.14DE_22.14.060F

Pangalan ng Negosyo: _____

Address ng Pasilidad: _____

Petsa ng Pagpaskil: _____

A. MGA PATAKARAN AT KASANAYAN SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (ITSEK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- Itsek dito kung walang mga empleyado na nasa lugar ng pasilidad/ari-arian. Lakawan sa Seksyon B.
- Ang lahat ng tao na kayang gawin sa bahay ang kanilang mga tungkulin sa trabaho ay inaatasan na gawin ito.
- Hangga't maari ang mga mahihinang kawani (mga taong higit sa 65 ang edad, mga taong may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay may itinalagang trabaho na maaaring gawin mula sa bahay at dapat na talakayin ang anumang mga alalahanin sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o healthcare provider o mga propesyonal sa mga serbisyong pangkalusugan upang gumawa ng mga naaangkop na desisyon sa pagbabalik sa lugar ng trabaho.
- Ang lahat ng mga empleyado (kabilang ang mga kawani ng pasilidad, at mga kawani ng operasyon, sama-samang tinatawag na "mga empleyado") ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit, o kung sila ay nalalapat sa isang tao na may COVID-19.
- Ang mga empleyado ay pinagkakalooban ng Impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon na itinaguyod ng amo/employer o gobyerno na maaaring makuha ng empleyado na gagawing pinansyal na mas madali ang pananaliti sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa [mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID-19](#), kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng [2021 COVID-19 Supplemental Paid Sick Leave Law](#).
- Ang [mga pagsusuri](#) (screenings) ay isinasagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado, at iba pang mga bisita na sumusunod sa [Gabay sa Pagsusuri sa Pasukan](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County. Kasama sa pagsusuri ay ang pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, biglaang pagkawala ng panlasa o pang-amoy, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin sa pagdating ng empleyado o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamagitan tulad ng mga sistema sa on-line check o sa pamamagitan ng [karatula](#) na nakapaskil sa pasikan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga empleyado na may mga ganitong sintomas ay hindi dapat pumasok sa nasasakupang lugar. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
 - Negatibong Pagsusuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
 - Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear):

- Kung ang tao ay hindi ganap na nabakunahan² laban sa COVID-19 at nagkaroon ng isang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para mag-quarantine sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
 - Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.
- Sa oras na napagbigay-alam na ang isa o higit pang mga empleyado ay maaaring positibo para sa, o may mga sintomas na patuloy na tumutugma sa COVID-19 (kasong) ang amo o employer ay may plano o protokol na isasaayos upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan ng agarang pagquarantine sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho. Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na nakabukod na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 nang sa gayon ay matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19.
- Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa (888) 397-3993 o (213) 240-7831 o online sa www.redcap.link/covidreport. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impaksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad. Kakailanganin ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ang agarang kooperasyon ng pasilidad upang matukoy kung ang kumpol ng mga kaso ay bumubuo ng isang pagsiklab ng COVID-19.
- Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang pangangkop na pantakip ng mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang webpage ng Maskara sa COVID-19 ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa <http://publichealth.lacounty.gov/acd/ncorona2019/masks>. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip ng mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluway na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluway na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang daanan na balbula (one-way valve) ay hindi dapat gamitin.
- Ang mga empleyado na nasa regular na malapitang pakikisalamuha sa mga kostumer o nasa isang sarado, panloob na espasyo na may mga kasamang kostumer na hindi nagsusuot ng mga maskara sa mukha (hal., nagsasagawa ng mga pagsusuri sa pasukan o nagsisilbi ng pagkain) ay dapat na bigyan ng isang panangga sa mukha (face shield) na isusuot dagdag pa sa maskara sa mukha. Mariing

² Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

inirerekomenda na ang mga manggagawa na nasa panloob na malapitang pakikisalamuha sa mga kostumer na hindi nagsusuot ng mga maskara sa mukha ay mapagkalooban ng mga maskara na higit na mas epektibo sa pagprotekta laban sa maliliit na transmisyong aerosol, kabilang ngunit hindi limitado sa nasuri sa pagkakakasya na mga maskarang N95, mga maskarang KN95 o mga dobleng maskara, lalo't ang mataas na panganib ng panloob na pagkalat ng COVID-19. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang webpage ng Maskara sa LA County DPH COVID-19 sa <https://ph.lacounty.gov/masks>.

- Ang mga panangga sa mukha (face shield) ay opsyonal para sa mga empleyado na nagpapakita ng patunay ng ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19 sa kanilang employer; ang pagsusuot ng maskara ay nananatiling inaatas. Para sa mga ganap nang nabakunahang empleyado na nakapagpakita ng patunay ng kanilang ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19 at piniling hindi magsuot ng isang panangga sa mukha, ang employer ay dapat na lumikha at magtabi ng isang nakasulat na rekord na nagdodokumento na ang bawat isa sa mga empleyado ng ito ay nakapagpakita sa kanila ng katanggap-tanggap na patunay ng ganap na pagbabakuna. Hindi kailangan ng employer na magtabi ng isang kopya ng patunay ng ganap na pagbabakuna na ipinapasa sa kanila.
 - Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan para sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).
 - Ang sumusunod ay katanggap-tanggap na ipakita ng empleyado sa kanilang employer bilang patunay ng ganap na pagbabakuna para sa COVID-19: Kard sa pagbabakuna (na kabilang ang pangalan ng taong nabakunahan, uri ng ibinigay na bakuna at petsa na ibinigay ang huling dosis) O isang larawan ng kard sa pagbabakuna bilang isang hiwalay na dokumento O isang larawan ng kard sa bakuna ng taong dumalo na nakatabi sa isang telepono o elektronikong aparato O dokumentasyon ng ganap na pagbabakuna mula sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusuga (na kinabibilangan ng pangalan ng taong binakunahan at nagkukumpirma na ang tao ay ganap nang nabakunahan para sa COVID-19).
- Ang mga empleyado ay inatasan na labahan (kung naaangkop) o palitan araw-araw ang kanilang mga maskara sa mukha.
- Para matiyak na ang mga maskara ay isinusuot ng tuloy-tuloy at tama, pinagbabawalan ang mga empleyado na kumain o umiinom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (pag-break) kapag nagagawa na maingat tanggalin ng ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao, kung maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harapan sa pagitan ng mga manggagawa.
 - Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa pagkainan at/o pagpapahinga. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
 - Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa na hindi pabago-bago na may pagpapagana na hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa pagpapahinga; at
 - Halinhinan sa oras ng pagpapahinga o pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa kainan at pagpapahinga; at
 - Paglalagay ng mga mesa na hindi bababa sa walong talampakan ang layo at pagtitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggap o pagte-tape ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng

mga partisyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.

- Ang mga empleyado ay hindi na kailangang magsuot ng isang **maskara** sa mukha kapag ang empleyado ay lumulusong sa tubig.
- Ang mga trabaho ay pabago-bago o pinaikot para limitahan ang bilang ng mga empleyado na naroon sa lugar ng tubig sa parehong oras.
- Ang pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

- Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

- Ang mga empleyado ay pinapayagan sa madalas na pagtigil sa trabaho para hugasan ang kanilang mga kamay.
- Ang isang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi na sa bawat empleyado.
- Ang lahat ng mga patakaran na inilarawan sa listahan na ito maliban sa mga may kaugnayan sa mga termino ng trabaho ay inilalapat sa mga kawani ng paghahanda at anumang iba pang mga kumpanya na maaaring nasa mga nasasakupang lugar bilang mga ikatlong partido.
- Opsyonal – Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

B. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG RISKAL NA PAGDISTANSYA

- Ang mga panlabas na palanguyan ay maaaring buksan para sa nakagawiang paggamit. Ang paggamit ng pasilidad ng palanguyan ay dapat na limitahan para paganahin ang lahat ng mga gumagamit ng palanguyan na magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa mga taong hindi miyembro ng kanilang sambahayan.
 - o Pinakamaraming (máximo) pinahihintulutang kapasidad ng palanguyan: _____
- Mga panloob na operasyon. Ang mga operasyon ng palanguyan na iniaalok panloob, kabilang ang mga panloob na palanguyan, mga banyo, mga shower, mga sauna, mga silid-pasingawan at mga silid ng locker ay limitado sa 50% ng pinakamaraming panloob na kapasidad ng pasilidad batay sa naaangkop na Code ng Gusali o sa Sunog. Ang mga operasyon ng mga panloob na pasilidad na ito ay dapat na karagdagang sundin ang [Protokol para sa mga Establisyemento ng Gym at Fitness ng County](#).
 - o Pinakamaraming (máximo) bilang ng mga tagapagtangkil sa pasilidad ay limitado sa: _____
- Ang mga panlabas na maiinit na paliguan (hot tubs)/mga spa/jacuzzi ay maaaring buksan para sa paggamit ng mga grupo ng sambahayan o sa mga indibidwal mula sa magkakaibang sambahayan sa mga kaso kung saan ang anim na talampakang distansya ay napapanatili maliban kung ang lahat ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19 o lahat ay ganap nang nabakunahan maliban para sa mga miyembro ng isang sambahayan at wala sa mga indibidwal na naninirahan sa sambahayan na iyon ang nasa mataas na panganib sa pagkakaroon ng malubhang sakit mula sa COVID-19.
- Ipaalam sa lahat ng residente ng mga sambahayan ang tungkol sa limitasyon sa kapasidad ng gumagamit ng palanguyan.
- Isaalang-alang ang pagpapatupad ng mga reserbasyon para sa paggamit ng palanguyan. Halimbawa, maaaring kabilangan ito ng pagrereserba ng mga buong lane para sa indibidwal na paglalangoy ng lap at mga kalahating lane para sa paggamit ng indibidwal na sambahayan.
- Ang mga manlalangoy ng ikot (lap swimmers) ay dapat na magpanatili ng 6 na talampakang pisikal na

pagdistansya mula sa mga taong hindi nila kasamang naninirahan, maliban kung ang lahat ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19. Maaaring kailanganin na limitahan ang bilang ng mga manlalangoy na maaaring gumamit ng iisang "lane" para sa paglangoy ng ikot (lap swimming) sa kahit anong oras.

- Kung ang isang tagapagsagip (lifeguard) ay nasa tungkulin, hindi rin aasahan ang tagapagsagip na magsubaybay sa paghuhugas ng kamay, paggamit ng mga maskara sa mukha, o panlipunang pagdistansya ng ibang mga tao.
- Nirerekomenda na isang itinalagang tao o grupo ng mga residente ay maging responsable para sa pagsubaybay at pagsisiguro na ang pinakamaraming bilang ng mga taong gumagamit ng palanguyan, alinsunod sa nasa itaas ay hindi malalagpasan. Ang itinalagang tao ay magiging responsable rin na siguruhin na ang lahat ng mga pansamantalang patnubay ay nasusunod.
- Ang mga hakbang para masiguro ang panlipunang pagdistansya (ang mga indibidwal ay maaaring manatiling hindi bababa sa 6 talampakan sa mga hindi nila kasambahay) ay naipatupad na, **maliban kung ang lahat ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19 o lahat ay ganap nang nabakunahan maliban para sa mga miyembro ng isang sambahayan at wala sa mga indibidwal na naninirahan sa sambahayan na iyon ang nasa mataas na panganib sa pagkakaroon ng malubhang sakit mula sa COVID-19.**
 - o Palitan ang mga layout ng kubyerta at iba pang mga lugar na pumapalibot sa palanguyan para masiguro na ang mga lugar sa pagtayo at pagupo ay maaaring masuportahan ang mga kinakailangan ng pisikal na pagdistansya, habang nagpapanatili ng malinaw na espasyo ng kubyerta na 4 na talampakan sa palibot ng palanguyan, gaya ng inaatas ng batas ng Estado. Maaaring kabilangan ito ng pagtatanggal ng mga upuan o pagharang ng mga lugar para dismayahin ang paggamit.
 - o Nagbibigay ng mga pisikal na palatandaan o gabay (halimbawa, mga linya ng lane sa tubig o mga upuan at mga mesa sa kubyerta/deck) at mga palatandaan at nakikitang hudyat (halimbawa, teyp sa mga kubyerta, sahig, o bangketa) para siguruhin na ang mga residente at manlalangoy ay nananatiling hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa isa't isa, kapwa sa loob at labas ng tubig.
- Isaalang-alang ang pagbabawal sa mga bisita na hindi mga residente ng apartment, condominium o samahan ng mga may-ari ng bahay sa paggamit ng pasilidad ng palanguyan o pool.**
- Ang mga salo-salo (parties) o pagtitipon sa palanguyan o pool ay **dapat na sumunod sa Gabay para sa mga Impormal na Panlipunang Pagtitipon ng County.**

C. MGA HAKBANG PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- Ang sistema ng HVAC ay maayos na gumagana; hanggang sa maaaring pinakamalayong saklaw, ang bentilasyon ay nadagdagan. Ang epektibong bentilasyon ay isa sa mga pinakamahalagang paraan para kontrolin ang maliit na transmisyong aerosol. Isaalang-alang ang pagkakabit ng naililipat na napakahuhusay (high-efficiency) na mga panlinis ng hangin, pag-taas sa mga uri ng panala ng hangin ng gusali sa pinakamahuhusay (highest efficiency) hangga't maaari, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang panlabas na hangin at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo. Tingnan ang Pansamantalang Patnubay para sa Bentilasyon, Pagsasala at Kalidad ng Hangin sa mga Panloob na Kapaligiran ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California para sa detalyadong impormasyon.
 - o **Mangyaring Tandaan:** Ang bentilasyon at iba pang panloob na mga pagpapabuti sa kalidad (quality) ng hangin ay isang karagdagan sa, at hindi pamalit para sa, mga inuutos na proteksyon kabilang ang pagsusuot ng mga maskara sa mukha (maliban sa mga tiyak na kapaligiran na may mataas na panganib na nangangailangan ng paggamit ng wastong proteksyon sa palahingahan),

pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga tao, madalas na paghuhugas ng mga kamay, at paglilimita sa mga aktibidad na pinagsasama-sama ang mga tao na mula sa magkakaibang sambahayan.

- Hangga't maaari dagdagan ang pagsisimula at sirkulasyon ng panlabas na hangin sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga bintana at pintuan, paggamit ng bentilador, o iba pang mga pamamaraan. Hangga't maaari isaalang-alang ang pagkakabit ng naililipat na napakahuhusay na mga panlinis ng hangin, pagtaas sa uri ng mga panala ng hangin ng gusali sa pinakamahuhusay, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang labas na hangin at bentilasyon sa lahat ng mga lugar ng trabaho.
- Gayunpaman, huwag bubuksan ang mga bintana at pintuan kung ito ay nagbabadya ng panganib sa kaligtasan ng mga kawani, residente, o manlalangoy.
- ❑ Ang mga bisita na dumarating sa establisyemento ay pinaaalalahanan na magsuot ng **maskara** sa mukha sa lahat ng oras (maliban habang nasa tubig) habang nasa establisyemento o sa nasasakupang lupa ng establisyemento. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matanda at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga tao lamang na inatasan ng kanilang medical na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng **maskara** ay dapat na magsuot ng panangga sa mukha (face shield) na may tela sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang tela na akma sa iang ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara na may mga one-way valve ay hindi dapat gamitin.
- ❑ Ang **mga pagsusuri sa pasukan** ay isinasagawa bago maaaring makapasok ang mga bisita sa pasilidad **na sumusunod sa Gabay sa Pagsusuri ng County**. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangabos ng hininga, kahirapan sa paghinga, lagnat o panggiginaw, **o biglaang pagkawala ng panlasa o pang-amoy**, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at big-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng **karawala** na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga sintomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.
 - **Negatibong Pagsusuri (Na-clear)**. Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
 - **Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear)**:
 - Kung ang tao ay nagkaroon ng isang kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok at dapat na umuwi sa bahay agad para mag-quarantine. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
 - Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok at dapat na umuwi sa bahay agad para magbukod. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation
- ❑ Magsagawa ng isang pagsusuri sa kaligtasan ng palanguyan para masiguro na ang kimika ng palanguyan ay sapat para sa pagdidisimpekta at ang palanguyan ay nasuri na para sa pangkaligtasang kagamitan.
 - Ang wastong operasyon at pagmementena ay dapat na gawing hindi aktibo ang virus sa tubig.
- ❑ Para sa mga pasilidad na hindi na tumatakbo, padaluyin ang tubig na mainit at malamig sa bawat kagamitang pantubig sa loob ng limang minuto bago ang muling pagbubukas para mapalitan ang lumang tubig sa mga tubo ng pasilidad gamit ang isang sariwa at ligtas na suplay ng tubig. Kasama dito

ngunit hindi limitado sa mga inumang bukal, pangdekorasyon na bukal, mainit na paliguan, atbp.

- Ipatupad ang isang paglilinis at pagdidisimpekta na plano sa madalas na mahawakang ibabaw at para sa mga pinagsasaluhang bagay sa bawat paggamit ng mga ito. Gumamit ng pandisimpekta na aprubado ng EPA. Ang sumusunod ay lilinisin at didisimpektahin sa **dalas na nakalista sa ibaba ngunit hindi bababa sa isang beses kada araw**, sa sumusunod na iskedyul:
 - o Mga hawakan at padulasan _____
 - o Mga upuan ng silid-pahingahan, ibabaw ng mesa _____
 - o Mga hawakan ng pinto at ibabaw ng mga banyo, mga estasyon sa paghuhugas ng kamay, estasyon sa pagpapalit ng lampin at mga dutsa _____
 - o Mga pasilidad na karaniwang ginagamit _____
 - o Mga banyo _____
 - o Iba pa _____
- Siguruhin ang sapat na mga suplay para sumuporta sa malusog na kalinisan ng katawan. Ang mga suplay ay kinabibilangan ng sabon, hand sanitizer na may 60% alcohol, mga tuwalyang papel, tisyu at basurahan na magagamit ng mga residente.
- Kung hindi tatanggalin, siguruhin na ang kasangkapang-bahay (hal. upuan ng silid-pahingahan) o iba pang mga bagay na karaniwang ginagamit ay dapat nang linisin at disimpektahin **isang beses kada araw**. Ang mga residente ay maaaring magdala ng mga suplay para disimpektahin ang kasangkapang-bahay at mga karaniwang ginagamit na bagay pagkatapos nila itong gamitin. Inirerekomenda na ang mga residente ay magdala ng kanilang sariling kasangkapang-bahay o mga karaniwang ginagamit na bagay.
- Ang mga indibidwal ay dapat na magdala ng sarili nilang mga tuwalya sa palanguyan at hindi dapat magbahagi ng mga tuwalya sa mga taong nasa labas ng kanilang sambahayan.
- Walang pagkain o inumin ang maaaring ipamahagi sa mga kubyerta ng palanguyan sa ibang mga tao at ang mga miyembro ng sambahayan ay hindi maaaring magbahagi ng anumang pagkain o inumin sa mga hindi miyembro ng sambahayan para mapababa ang panganib ng transmisyong impeksyon.
- Ang mga bukal ng tubig o mga coolers ng tubig ay pinatay at hindi maaaring gamitin.

D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- Ang isang kopya ng protokol na ito, o kung naaangkop, ang nailimbag na Sertipiko ng pasilidad sa Pagsunod sa COVID-19 (COVID-19 Safety Compliance Certificate) ng LA County ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad ng palanguyan. Para sa higit pang impormasyon o para kumpletuhin ang programa sa pagpapatunay ng sarili (self-certification) para sa pagsunod sa kaligtasan sa COVID-19, bisitahin ang <http://publichealth.lacounty.gov/eh/covid19cert.htm>. Ang mga pasilidad ay dapat na magtabi ng isang kopya ng mga Protokol sa mismong lugar sa pasilidad para sa pagsisiyasat, sa oras na hilingin.
- Karatula sa bawat pampublikong pasukan sa pasilidad ng palanguyan ay nakapaskil para ipagbigay-alam sa mga gumagamit ng palanguyan na manatili sa bahay kung sila ay may sakit o mayroong mga sintomas na pareho sa COVID-19.
- Karatula ay nakapaskil na pinaalalahanan ang mga gumagamit ng palanguyan na magpanatili ng panlipunang pagdistansya na anim na talampakan mula sa mga hindi miyembro ng sambahayan hangga't magagawa.
- Karatula na hinihikayat ang lahat ng mga residente at manlalangoy na hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay o gumamit ng sanitizer sa pagpasok sa palanguyan. Magkaloob, o sabihan ang mga residente na magdala ng 60% na nakabatay sa alcohol na hand sanitizer.

- Karatula na nagpapaalala sa mga residente na magsuot ng **maskara** sa mukha kapag naglalakbay sa mga lugar ng ari-arian na karaniwang may tao, kabilang ang papunta at pabalik ng palanguyan at mga pinagsasaluhang banyo. **Paalalahanan ang mga manlalangoy na tanggalin ang **maskara** sa mukha kapag papasok na sa tubig.**

E. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa palanguyan para sa mga residente na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na pangangib sa mga pampublikong lugar.

Maaari ka ring makahanap ng gabay mula sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit para sa panlipunang pagdistansya at mga pamamaraan sa pagdisimpekta ng kapalidad/ibabaw sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/php/water.html>.

Retirado - Wala ng Epekto